
1

# Araling Panlipunan

## Pangalawang Markahan –Modyul 4
## Paglalarawan sa Buhay ng Pamilya Gamit ang Palatakdaan ng Oras



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_AP1_Module 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Pangalawang Markahan – Modyul 4: Paglalarawan sa Buháy ng Pamilya Gamit ang Palatakdaan ng Oras**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Estrella V. Gabriel
**Editors:** Roselily M. Esteban, Hilda R. Mariano, Winnie Angela M. Fermin
**Tagasuri:** Elizabeth R. Berdadero, Robert T. Rustia, Rey A. Pascual
**Tagaguhit:** Andrea A. Ramos
**Tagalapat:** Jenelyn B. Butac, Jaylord Gallarde
**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Romel B. Costales
Rey A. Pascual
Janette V. Bautista
Marivel G. Morales
Robert T. Rustia

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Department of Education – Region II**
Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Araling Panlipunan

## Pangalawang Markahan –
## Ika-Apat na Linggo:
## Paglalarawan sa Buhay ng Pamilya Gamit ang Palatakdaan ng Oras

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa

Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanikanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pagunawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Sa modyul na ito ay pag-aaralan mo ang mga mahahalagang pangayayari sa buhay ng iyong pamilya gamit ang **palatakdaan ng oras**. Ang pamilya ay nakakaranas ng ibat ibang okasyon o pangyayari sa kanilang buhay na lalong nagpapatibay at nagpapakulay ng kanilang samahan bilang pamilya.


Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

Nailalarawan ang mahahalagang pangyayari sa buhay ng kanilang ang sariling pamilya tulad ng kasal, kaarawan, binyag, kapanganakan, pagtatapos at iba pa, gamit ang palatakdaang oras.

## *Subukin*

**Panuto:** Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari sa buhay ng pamilya. Lagyan ng **1** ang una, **2** ang pangalawa, **3** ang pangatlo at **4** ang pang-apat. Isulat ang sagot sa loob ng kahon.

**1.**




2.




**3.**



4.

4.



| Modyul 4 | Paglalarawan sa Buhay ng Pamilya Gamit ang Palatakdaan ng Oras |
|---|---|

Ang bawat pamilya ay may mahahalagang kuwento o pangyayari sa buhay na lalong nagpapatibay at nagpapatatag ng kanilang samahan. Ang mahahalagang pangyayari na ito ay nagbibigay ng ligaya at kulay sa buháy ng pamilya.

## Balikan

**Panuto:** Lagyan ng tsek ( ✓) ang larawan na nagpapakita ng pagganap sa tungkulin ng pamilya.


A



B



C



D



## *Tuklasin*

Ano-anong pangyayari sa buháy ng pamilya ang hindi mo makakalimutan? Kagaya din kaya ito ng mga pangyayari sa kuwento?

**Ibibida ko, Karanasan ng Pamilya ko!**

Ni: Estrella V. Gabriel

Isang umaga, araw ng Sabado, ay naglilinis ng sala ang mag-ina. Napansin ni Elena ang isang album na may mga larawan ng kanilang pamilya.

"Inay, ano po ang nangyari nang araw na ito at parang ang saya-saya po ninyong dalawa ni tatay?" tanong ni Elena.

"Ah, ito ang araw ng aming kasal ng iyong tatay sa simbahan. Madaming kamag- anak natin ang dumalo sa aming kasal,taong 2008 ang kasal namin.



"Ganun po ba nanay?Ito naman pong larawan na ito nanay, ang daming handa , inihaw na isda at pansit , maraming bisita at mga regalo.

"Iyon naman ang iyong binyag sa simbahan, masaya kaming lahat lalo na kami dalawa ng tatay mo at pinaghandaan namin ito ng matagal."

“Inay, ako po ba ang batang maliit na nasa larawan na nakasuot ng magandang damit, maraming handa, may mga lobo pa at regalo at ang daming bata na nakapaligid sa akin at tuwang-tuwa po. Ano pong pangyayari ito?”

“Oo tama ikaw nga iyan Elena, ito ang ika-tatlong kaarawan mo. Pebrero 2013 yan.”




“Wow! Napakasaya pala ng aking ikatatlong kaarawan, inay!

“Ilang taon naman po inay nang ako ay pumasok na sa paaralan,” muling tanong ni Elena?

“Nung limang taon ka na, ikaw ay pumasok na sa paaralan bilang *Kinder*. Umiiyak ka pa nga noong unang araw nang klase at hinihila mo pa nga ang aking kamay kasi ayaw mong pumasok sa loob ng silid, ngunit ngayon halos ayaw mo ng magpahatid sa akin sa paaaralan,” sambit ni Aling Teresa.

“Itong larawan ni ate na may suot na puting damit at may nakasabit na medal sa kanya, ano pong okasyon ito?”



"Ah yan naman ang araw ng pagtatapos ng ate mo noong ika-anim na baitang na siya.Kagaya mo, matalino din si ate at masipag mag - aral."

"Oo inay, pagbubutihin ko ang aking pag-aaral katulad ni ate!"

"Oo sige, pagbutihin mo din ang paglilinis at mamaya ay may masarap tayong miryenda, ani ni Nanay."

"Yehey! Salamat po nanay."

## ***Suriin***

Ano-ano sa mga naranasan ng pamilya ni Elena ang naranasan din ng iyong pamilya?

Ang iyong pamilya ay dumaraan din sa iba't ibang pangyayari sa buhay. Nagsimula ang mga mahahalagang pangyayari sa pamilya simula nang ikasal ang iyong mga magulang. Bahagi din sa mahahalagang pangyayari sa iyong pamilya ang araw ng iyong kapanganakan, pagdiriwang ng unang kaarawan, pag-aaral, pagtatapos at kasal.

Mas nagiging maayos at matatag ang pagsasama ng pamilya dahil sa mga pangyayaring ito sa kanilang buhay kahit anong estado at sitwasyon ang kinabibilangan nila. Ang mga sunud-sunod na pangyayari sa buhay ng pamilya ay maaring matukoy gamit ang palatakdaan ng oras.

## Pagyamanin

A. **Panuto:** Iguhit ang puso sa patlang kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng mahahalagang pangyayari sa buháy ng isang pamilya at bituin kung hindi ito nagpapakita.

__________.1. Masayang nagdiwang si Erika ng kanyang ika-anim na kaarawan kasama ang kanyang buong pamilya at mga kaibigan.

__________2. Laging nag-aaway ang magkapatid na sina Michael at Danica dahil sa gawaing bahay.


__________3. Tumanggap si Roderick ng medalya sa araw ng pagtatapos .

__________4. Isinilang ang bunsong kapatid ni James sa ospital kahapon ng umaga.


__________. 5 Sa unang araw ng klase, maagang gumising si Ana at inihanda ang kanyang mga gamit sa paaralan.

B. **Panuto.** Iayos ang wastong pagkasunud-sunod ang mga mahahalagang pangyayari sa buhay ng pamilya mula nang isilang ang kanilang anak. Lagyan ito ng bilang 1-5 sa loob ng bilog.


1.  Abril 30, 2011 ________

**2.** 


Hunyo 28, 2001 ____

3 

Agosto 1 ,2020 ______


4. 

Hunyo 4, 2006 ______

5. 


Hunyo 28, 2000 ________

C. **Panuto:** Ayusin ang mga nagulong titik upang mabuo ng wasto ang mahahalagang pangyayari sa buhay ng isang pamilya. Isulat ang nabuong salita sa linya.

1. 


| l a k s a |
|---|

_________________________

2. 

a w  a  r  a  k  n  a

___________________________

3. 

a  p  a  g  a  r  l  a

________________________

## *Isaisip*

**Tandaan:**

Sa bawat pamilya, may mga pangyayari sa buhay na tunay na mahalaga at hindi makakalimutan ng mga bumubuo nito. Habang nagsisimula ang pamilya,may mga pangyayari na nararanasan nito na labis na nagbibigay ng saya at kulay sa kanilang buhay. At dahil dito, ang samahan ng pamilya ay lalong nagiging matibay at maganda.

## Isagawa

**Panuto: Kulayan ang bilog ng pula kung wasto ang pangungusap at kulayan ito ng berde kung mali ang pangungusap.**

1. Ang mahahalagang pangyayari sa buháy ng isang pamilya ay nagpapatibay ng kanilang samahan.

2. Ang kaarawan ay hindi mahalagang pangyayari sa buháy ng isang pamilya.

3. Nagiging maganda ang samahan ng pamilya dahil sa mga mahahalagang pangyayari sa buháy nila.

4. Ang palatakdaan ng oras ay naglalarawan ng gawain sa paaralan.

5. Ang bawat isa ay mayroong palatakdaang oras na pangyayari sa kanyang buhay.

## *Tayahin*


**Panuto**: Tukuyin ang mahahalagang pangyayari sa buhay ng isang pamilya gamit ang palatakdaang oras. Gawing gabay ang mga larawan sa bawat dulo ng pangungusap. Hanapin ang sagot sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| isinilang | kasal | kaarawan |
| pagtatapos | pagpasok | |

1. Hunyo 28, 1990 ang araw ng _________ng mga magulang ni Carlo.



2. Si Carlo ay ____________________ noong Oktubre 19, 1992.



3. Nagdiwang si Carlo ng kanyang unang _______ noong Oktubre 1993.



4. Hunyo 1, 1998 ang unang araw ng _______________ ni Carlo sa paaralan.



*5.* Nagkamit si Sarah ng medalya sa araw ng kanyang ____________ na naganap noong Marso 25, 1999.



## *Karagdagang Gawain*

**Panuto**: Magdikit sa loob ng kahon ng mahahalagang pangyayari sa buháy ng inyong pamilya gamit ang palatakdaang oras.

w ng kapanganakan

Pag-aaral


Pagtatapos

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Balikan | Pagyamanin | |
|---|---|---|---|
| | | A. | B. |
| 1.2 | 1. A | 1. may kulay | |
| 2.4 | 2. B | 2. may kulay | |
| 3.1 | 3. D | 3. may kulay | |
| 4.3 | | 4. may kulay | |
| | | 5. may kulay | |

***Pagyamanin***

| A. | B | C |
|---|---|---|
| 1. | 1. 4 | 1. kassal |
| 2. | 2. 2 | 2. kaarawan |
| 3. | 3. 5 | 3. pag-aaral |
| 4. | 4. 3 | |
| 5. | 5. 1 | |



Isagawa

1. pula 2. berde 3. pula 4. berde 5. pula

***Tayahin***

1. kasal
2. isinilang
3. kaarawan
4. pagpasok
5. pagtatapos

***Karagdagang Gawain***

Magdidikit ng mga larawan ang mga bata ng mahahalagang pangyayari ng kanilang pamilya .

## *Sanggunian*

https://www.google.com/search?q=pictureofcake

https://www.google.com/search?q=illustrationofwedding

https://www.google.com/search?q=illustrationofbirthdaycelebration

K to 12 Gabay Pangkurikulum Araling Panlipunan Unang Baitang.

Danao, C. P. PhD  Lunday, Ikalawang Edisyon, 2017

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex

Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985